| | | ***Technology Integration*** |
|---|---|---|
| **PANGALAN** | PONFERRADA, Marice Alyssa L. | |
| **PAMAGAT** | Banghay Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao<br>Baitang (10)<br>(3) Markahan | |
| **MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO** | 9.3 Napangangatwiranan na: Ang pagmamahal sa Diyos ay pagmamahal sa Kapwa. | |
| **MGA LAYUNIN** | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>PANGKABATIRAN:<br>• Nasusuri ang ugnayan sa Diyos.<br>PANGDAMDAMIN:<br>• Napangngatwiranan na: Ang pagmamahal sa Diyos ay pagmamahal sa Kapwa.<br>SAYKOMOTOR:<br>• Nakapagtala ng mga mabubuting gawain sa Diyos at kapwa. | |
| **PAKSA** | **MODYUL 12: ESPIRITWALIDAD AT PANANAMPALATAYA** | |
| **PAGPAPAHALAGA** | Pagmamahal sa Diyos at Kapwa | |
| **MGA SANGGUNIAN** | 1. **Title:** Edukasyon sa Pagpapakatao. Modyul para sa Mag-aaral.<br>**Link:** https://www.slideshare.net/khikox/grade-10-esp-yunit-3<br>2. **Title:** K to 12 Gabay sa Pangkurikulum. Edukasyon sa Pagpapakatao. | |
| **MGA KAGAMITAN** | • Laptop, speaker, projector, cellphones. | |
| **GAWAIN** | **Panuto:**<br>1. Sagutan ito na may katapatan. | **Survey Monkey** |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Lagyan ng tsek ang iyong sagot sa bawat kolum at bigyna ng paliwanag ang sagot sa huling hanay ng kolum. | |
| **PAGSUSURI** | 1. Ano ang inyong natuklasan sa inyong sarili matapos mong magawa ang gawain?<br>2. Naging masaya kaba sa nakita mo mula sa iyong sagot?<br>**3.** Ano ang masasabi mo sa iyong ugnayan sa Diyos? Ipaliwanag. | **ToonyTool** |
| **PAGPAPALALIM** | | **Prezi** |
| **PAGLALAPAT** | **Panuto:**<br><br>Ngayon ay nabatid mo na ang kahalagahan ng espiritwalidad at pananampalataya sa iyong buhay. Ito ang iyong magiging sandata sa oras ng problema at pagsubok. Ito rin ang nagpapalalim ng iyong ugnayan sa Diyos. | |

| Mga Sitwasyon |
|---|
| Mahal na mahal moa ng iyong mga magulang. Isang araw, habang ikaw ay nasa paaralan, nakatanggap ka ng balita na naaksidente sila at nag-aagaw buhay sa ospital. Hindi ka nakakalimot sa Diyos sa araw-araw at nagsisilbi ka sa inyong simbahan. Ngunit pareho silang binawian ng buhay dahil sa isang aksidente na kanilang sinapit.Sisisihin mo ba ang Diyos sa pangyayaring ito? |
| Isang gabi, habang ikaw ay naglalakad pauwi sa inyong bahay, may nakita kang isang lalki nakahandusay sa kalsada. Siya ay duguan at halos hindi na humihinga. Paglapit mo sa kaniya ay namukhaan mo siya ang lalaking bumugbog sa iyong ama na nagging dahilan ng pagka-ospital nito. Ano ang gagawin mo? |
| Kumatok ang iyong kapitbahay at humihingi ng tulong dahil ang kaniyang anak ay may malubhang karamdaman. Noong araw na iyon, sakto lamang ang iyong pera para sa inyong gastusin sa bahay. Ano ang iyong gagawin? |

<table>
<tr>
<td>PAGSUSULIT</td>
<td>
Pagsusulit na may Pagpipilian:<br>
Panuto:<br>
Basahin at unawain ng mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno. Piliin ang tamang sagot.<br><br>
1. Ito ay ang personal na ugnayan ng tao sa Diyos. Isa itong malayang desisyon na malaman at tanggapin ang katotohanan sa pagkatao.<br>
a) Espiritwalidad<br>
b) Pananampalataya<br>
c) Panalangin<br>
d) Pag-ibig<br>
2. Alin sa mga sumusunod ang nagsasabi ng tunay na diwa ng espiritwalidad.<br>
a) Ang palagiang pag-aaral at pagbabasa ng salita ng Diyos.<br>
b) Ang pagiging maawain at matulungin sa pangangailangan ng kapwa.<br>
c) Ang pananatili ng ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin sa araw-araw.<br>
d) Ang pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapwa at pagtugon sa tawag ng Diyos.<br>
3. "Ang nagsasabi na iniibig ko ang Diyos, subalit nagpopoot naman sa kaniyang kapatid ay sinungaling", Ang pahayag ay,<br>
a) Tama, dahil dapat mahalin ang kapwa.<br>
b) Mali, dahil maipapakita ang pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng pagdarasal at pagsisimba.<br>
c) Mali, dahil ang maipapakita lamang ang mabuting ugnayan sa kaniya.<br>
d) Tama, dahil maipapakita lamang ang tunay na pagmamahal sa Diyos kung minamahl din ang kapwa.<br>
4. Bakit mahalaga sa buhay ng tao ang panahon ng pananahimik o pagninilay?<br>
a) Upang malaman ng tao ang mensahe ng Diyos sa kanyang buhay.<br>
b) Upang lumawak ang kaniyang kaalaman at magsabuhay ng aral ng Diyos.<br>
c) Upang lumalim ang kaniyang pakikipagugnayan sa Diyos.<br>
d) Upang lalong makilala ng tao ang Diyos at maibabahagi ang kanyang nmga salita.<br>
5. Ang sumusunod ay naglalarawan ng buhay na pananampalataya maliban sa;<br>
a) Kumikilala ang nagmamahal sa Diyos<br>
b) Naglilingkod at palagiang nananalangin sa Diyos<br>
c) Nagmamahal at tumutulong sa kapwa.
</td>
<td>FlexiQuiz</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | d) Nagmamahal sa Diyos at nagmamahal sa kapwa. | |
| | Pagsusulit na ginagamitan ng Pagpapaliwanag:<br>1. Paano nakatutulong ang pananampalataya ng tao sa kaniyang buhay?<br>2. Magbigay ng paraan upang maipakita ang pagmamahal sa Diyos at Kapwa. | **GoConqr** |
| **TAKDANG ARALIN** | **Panuto:**<br>1. Gumawa ng ***Personal Daily Log*** na may kinalaman sa pagpapaunlad ng pananampalataya at espiritwalidad para sa susunod na dalawang lingo.<br>2. Itala ditto ang nagpapakita ng mabuting ugnayan sa Diyos at Kapwa.<br>3. Maglakip ng patunay sa iyong ginawa. | **Diaro** |